

# PANIMULANG ULAT SA PAGGAMIT NG POTOGRAPIYA SA ANTROPOLOHIYA

Michael Manuel Gonzales  
and  
Cynthia Zayas

Bago ang lahat, ang pakay ng papel na ito ay hindi bilang isang 'scholarly work' kundi isang pagtatalakay sa pamamagitan ng mga ilang tanong ang ilan sa mga problemang kinahaharap o maaaring kaharapin ng mga mananaliksik na gumagamit o may balak na gumamit ng potograpiya bilang pamamaraan sa *research*. Bagama't samut-sari ang mga nakikinabang sa pamamaraang ito, ang aming palagay ay dapat sa ngayon mapag-usapan ang ilan sa mga isyu na nangingibabaw, at kung hindi ito matutugunan ng puspusan, maaari naman bigyan pansin ang mga ito sa mga susunod pang talakayan o di kaya sa isang *forum* na ito lamang ang magiging paksa.

Dito, isinatabi namin ang ilang mga depinisyon at teknikal na salita, gayun pa man sa mga interesadong ipagpatuloy ang usaping ito, kalakip ay ang isang bibliograpiya na makakapagpaliwanag ng masinsinan sa ilan sa mga bagay na hindi natalakay sa ulat na ito. Makikita samakatuwid na ito ay isang malawak na paksa at mura pa. Makikita din ang kawalan ng 'indigenous sources.' Sana wari'y ito ay maging maliit na umpisa tungo sa ganoong kinabukasan.

Nababatay ang aming talakayan sa ilang mga tanong na magbibigay balangkas sa paksang ito. Sa aming palagay ang sistemang ito ay mahalaga dahil sa malawak ang usapin tungkol sa paggamit ng potograpiya bilang isang 'research tool' at sa sistemang pang-edukasyon. Lalo na't dahil ito ay umaligid sa iba't ibang isyu tulad ng "technology" at "communications", o di kaya sa "advertising" at marami pang iba. Ang tanong na aming isinasauna ay ganito: Ang potograpiya ba ay isang mabisa at angkop na sistemang makapaglalarawan ng katotohanan panlipunan? Ito ba ang mabisa at angkop na sistema sa pagpapalaganap ng isang anyo ng inpormasyon?

## A. Ang pangangailangan ng teorya sa pagtugon ng unang tanong.

Dito sa Pilipinas (sa pagkasulat nito) pambihira ang paggamit ng potograpiya sa *ethnography* bilang natatanging sistema ng dokumentasyon. Ang kadalasang nangyayari ay ang paglilitrato ay isang bahagi lamang ng etnograpiya at nagbibigay suhay (visual support) lamang sa mga ilang pangyayari o detalya tulad ng mga sayaw, paso, habe ng damit o basketry, atbp.

Ang natatanging sistema pa rin sa etnograpiya ay napapasailalim sa sistema ng pagsulat at ito ang nagiging datos.

Hindi mapagkakaila na ang *photographic record* ay isang ebidensiyang walang makapag-aalinlangan ukol sa katotohanan nito. Ang paggamit ng potograpiya bilang isang *research tool* ay binigyan pansin at inirerekomenda ng mga antropologong tulad nina Margaret Mead, John Collier Jr., at E. Richard Sorenson. Wika ni Mead (1975):

. . . research project after research project fail to include filming and insist on continuing the hopelessly inadequate note-taking of an earlier age, while the behavior that film could have caught and preserved for centuries (preserved for the joy of the descendants of those who dance a ritual for the last time and for the illumination of future generations of human scientists) disappears – right in front of everybody's eyes.

Ngunit samantalang kinikilala ang kahalagahan nito (tingnan ang appendix A), isang malalim na usapin pa rin ang teoryang sumasakop sa metodong ito. A PICTURE IS WORTH A THOUSAND WORDS ika nga. Sa dami ng ibig sabihin ng litrato lalong dapat malinaw sa mga gumagamit ng potograpiya na isang masusing pamaraan ang kailangan upang matiyak ang “bias” sa paglalarawan. Ito ay dahil ang larawan o photograph ay nagiging realidad mismo, bukod pa sa nailitrato. Ang isang litrato ay, sa una pa man, balangkas sa hugis-parihaba (rectangle); ang angulo ng pagkuha (worms-eye view, halimbawa); ang lenteng ginamit (wide-angle o telephoto); ang paggamit ng color (black and white); lahat nito ay bahagi sa paggawa ng sariling realidad (o bahagi ng isang realidad sa isang bahagi ng oras). Sa madaling sabi, paano matitiyak ng manunuod na ang kanyang tinitingnang litrato ay isang katotohanang ayon sa pag-unawa ng mananaliksik-potograpo o ayon sa katotohanan ng mga inilalarawan. Mahalaga samakatuwid na magkaroon ng isang *rigorous ethnographic method*.

Sa kabilang dako naman, ngunit hindi naman hiwalay sa mga naunang usapin, ang obserbasyon ni Susan Sontag (1973-1978) ay nagbibigay ng isang mahalagang pananaw na kaakibat rin naman sa mga isyung nabanggit na: Dahil tayo rin ay nalalapit na sa *age of mass media*, wika ni Sontag:

A capitalist society requires a culture based on images. It needs to furnish vast amounts of entertainment in order to stimulate buying and anesthetize the injuries of class, race and sex. It needs to gather unlimited amounts of information, the better to exploit natural resources, increase productivity, keep order, make war, give jobs to bureaucrats. The camera's twin capacities to subjectivize reality and to objectify it, ideally serve these needs and strengthen them. Camera defines reality in

two ways essential to the workings of an advanced industrial society: as a spectacle (for rulers). The production of images also furnishes a ruling ideology. Social change is replaced by change in images.

Na ang paggamit ng isang metodo ay kasipi sa mga ilang "theoretical premises" ay hindi mapagkakaila. Kinakailangan maliwanag ang pag-unawa ng sistema ng pananaliksik o metodo nang makilala ang kabutihan o kakulangan ng gaganaping saliksik.

Kinakailangan ang pagkilala sa mga kagalingan at kakulangan ng paggamit ng metodong potograpiya.

Samantalang matagal na ang paglilitrato sa Pilipinas, wala pang masuring pagtalakay sa kulturang nakaraan sa pamamagitan ng mga litrato. Kahit na pahapyaw nga lamang, makikita halimbawa sa seryeng ipinalalabas sa TV ngayon ang pinagdaanang *visual culture* sa pamamagitan ng mga lumang sine. At hindi naman siguro imposibleng maisamsam ang mga litratong kinuha ng mga nakauunang antropologo at pag-aralan ang mga ito.

Sa panahong ito, ang mga nalabing ethno-linguistic groups ay patuloy ang pagbago sa ayaw at gusto natin. Sa nakaraang dekada, walang atubili si Dr. E. Arsenio Manuel na magsabi na ang mga Manubu ay "doomed". Tayo ba ay uulit sa nakaraang kasaysayan nang isatabi ng mga Kastila ang likas na kalinangan ng ating mga ninuno upang masapwan ng isang kulturang banyaga. Sabihin pa man na ito na ang mga nangyayari, ano ang ating ipakikitá sa mga kabataan na unti-unting nilalamon ng kulturang hugis-Hollywood. Para kay Mead, ang metodong potograpiya ay kailangan upang ma-preserba ang mga nawawalang ugali:

We need to preserve them in forms that not only will permit the descendants to repossess their cultural heritage (and, indeed, will permit present generations to incorporate it into their emerging styles), but will also give our understanding of human history and human potentialities a *reliable, reproducible, reanalyzable* corpus. (1975).

Subali't inyong itatanong: Hindi ba magastos ang sistemang iyan? Hindi natin maipagkakaila na magastos nga lalo na sa *initial investment* (camera equipment), ngunit kung titingnan natin ayon sa ikabubuti ng metodo laban sa gastos, maaari hindi naman ganong kalaki ang balakid sa paggamit ng sistemang ito. Bukod pa diyan, anong metodong makasiyentipiko ang umiwas sa gastos lalo na sa mga instrumento. Paano mo ipakikitá ang 'germ theory' kundi sa pamamagitan ng mikrospyo! .

Ngunit inyo din itatanong: Hindi kami marunong gumamit ng camera at kumuha ng magagandang litrato? May mga camera sa ngayon na pipindutin mo na lang, samakatuwid wala nang teknikal na problema. Gayun din hindi kinakailangan na tayo'y maging isang nangunguna sa *visual*

*anthropology*, . . . “the effort, I believe in all photography for anthropology /ist is to deal honestly and realistically with the human condition and the sensitivity of men in all environments.” (1975)

**B. Potograpiya bilang isang mabisang sistema sa pagdodokumento at sa pagpalaganap ng inormasyon.**

Ang kahalagahan ng *mass communication* sa pagbago ng lipunan ay hindi na mapagkakaila. Maging sa edukasyon at lalo na sa politika, ang kahalagahan nito ay hindi ipinagpapaubaya ng mga *social ‘engineers’* sa pagkamit ng kani-kanilang patakaran at layunin. Ang potograpiya ay bahagi din ng ‘mass media’ at hindi nahihwalay sa mga katangian ng iba pang *medium*. Ito ay:

1. nagbibigay ng pangkalahatang inormasyon o detalya (sa kulay o black & white).
2. maaring paulit-ulit ang gamit; “*reproducible at reanalyzable.*”
3. may ‘archival qualities’.
4. may ‘updating capability at ‘comparability in time and space’.
5. magagamit sa makatotohanang paglalarawan ng sitwasyong angkop at makabuluhan sa lipunan.

Ang mga ito ay ‘inherent qualities’ ng potograp, bagay pa kung ihanayan ang mga litrato sa isang ‘sequence’. Ang litrato ay masasabing may iba’t-ibang *level of perception* (halimbawa, sa symbolic level) kaya ito rin ay nagiging mabisang pamamaraan upang maipaliwanag ang isang ideya, tema o proseso lalo na kung sasabayan ng salita o kaya *audio*. Kung ganito ang gamit, ito ay nagiging isang *information system* o *micro-media*. Para sa mga kompanya, mahalaga ang gamit nito bilang *training material* sa halip na gumastos pa sa *instructor*. Noong kapanahunan ni Magsaysay, inumpisahan ang paggamit ng *Audio-Visual* (sine at slides) bilang propaganda sa mga proyektong ipinapalaganap ng pamahalaan. Sa ebanhelisasyon, naging kaakibat ang AV bilang isang mabisa na sistema sa pag-unawa ng pananampalataya. Sa kabila nito, ang paggamit ng AV sa Edukasyon ay di-sapat. Ayon sa isang MA thesis (Cay: UP. 1979), ipinakita ng sumulat na bagamat may mga *existing facilities and materials*, ang *frequency of utilization* ay hindi na-mamaksimize, bagamat kilala ng mga *educators* na ang AV ay isang mabisang pamaraan. Maraming dahilan ang nabanggit, ngunit maaring ito ay suliraning pang-organisasyon. Sabihin na lang natin muna na ang kapa-hayaan ito ay dapat hindi manatili hanggang sa kinabukasan.

C. Ang mga posibleng tulong ng metodong potograpiya sa Antropolohiyang Pilipino.

Bukod sa mga naunang usapin ukol sa gamit ng camera bilang isang 'recording tool' (tulad baga ng tape recorder para sa linguist) at ang mga pakinabang nito para sa isang masinop na pananaliksik para sa mga researches ng kinabukasan (future research), ang potograpiya ay maaring maging isang pamamaraan maibalik ang pag-aaral ng antropolohiya sa tao. Kadalasan ang *findings* ng isang research ay nasa *print medium* at di pangkaraniwan nasa Ingles pa, walang *feedback* ang mga grupo o ang mga komunidad ng tao na pinag-aralan tungkol sa bagay na ito. Halimbawa na lang, sa mga mananaliksik sa *pakudos* ng mga Hanunoo, ang sistemang dekorasyon ng mga ito ay unti-unti nang nalalabi. Kung ang pakay ay ang pagpatuloy ng 'craft' na ito, hindi ba maaari na sa hinaharap ang researcher, katulong ng mga artist-craftsmen ay maibalik at maituro ang 'craft' na ito sa mga Hanunoo. Ito ay sinusubukan daw sa Papua New Guinea. Sa larangan ng *ecological* at *environmental studies* ang potograpiya ang pinakamabisang makapag-palarawan ng polusyon, pagwasak ng gubat, ang salang pakikialam ng teknolohiya sa mga katutubong kabuhayan ng mga mamamayan tulad sa Mt. Provinces; ang mga *ecological disturbances* na sanhi ng lapastangan ng industriya at marami pang iba.

May mga tututol sa ganitong pamamaraan ngunit kapos na ang panahon at hindi na nating maitatwa ang ating responsibilidad sa atin kapwa tao o kundi man, sa sambayanan.

### Bibliography

- Bateson, Gregory and Margaret Mead  
1942 Balinese character, a photographic analysis. New York: New York Academy of Sciences.
- Bennett, John W.  
1960 Individual perspective in fieldwork; an experimental training course. In Richard N. Adams and Jack J. Preiss, eds., Human organization research. Homewood, Ill., Dorsey Press. pp. 431-440.
- Birdwhistell, Ray L.  
1957 Film and sound training in cultural observation. Human Organization Clearinghouse Bulletin 3(3): 31-31.

- 1970 Kinesics and context. Philadelphia, University of Pennsylvania Press.
- Byers, Paul  
1964 Still photography in the systematic recording and analysis of behavioral data. *Human Organization* 23:78-84.
- Caissler, Margaret  
1948 The documentary film and the scientist producer. *American Anthropologist* 50:364-365.
- Cay, Marinella.  
1979 Audio-Visual Services and Materials at the University of the Philippines, MS (Library Science) Thesis, U.P.
- Collier, John, Jr.  
1957 Photography in anthropology: a report on two experiences. *American Anthropologist* 59: 843-859.
- 1965 Aerial photographs and computers in the analysis of Zinacanteco demography and land tenure. Paper presented at the 64th Annual Meeting of the American Anthropological Association, Denver. Mimeographed copy.
- 1967 Visual anthropology: photography as a research method. New York, Holt, Rinehart and Winston.
- 1973 Alaskan Eskimo education: a film analysis of cultural confrontation in the schools. New York, Holt, Rinehart and Winston.
- 1975 Photography and Visual Anthropology. In Paul Hockings, ed., *Principles of Visual Anthropology*. The Hague: Mouton, pp. 211:230.
- Dyhenfurth, Norman  
1952 Film making for scientific field workers. *American Anthropologist* 54:147-152.

- Ekman, Paul
- 1957 A methodological discussion on nonverbal behavior. *Journal of Psychology* 43:141-149.
- 1964 Body position, facial expression and nonverbal behavior during interviews. *Journal of Abnormal and Social Psychology* 68:295-301.
- 1965 Communication through nonverbal behavior: a source of information about an interpersonal relationship. In Silvan S. Tomkins and Caroll E. Izard, eds., *Affect, Cognition, and Personality*. New York: Springer. pp. 390-442.
- Ekman, Paul and Wallace V. Friesen
- 1968 Nonverbal behavior in psychotherapy research. In J. H. Shlien, ed., *Research in psychotherapy*, Vol. 3. Washington D.C., American Psychological Association.
- 1969a Nonverbal leakage and clues to deception. *Psychiatry* 32:88-105.
- 1969b The repertoire of nonverbal behavior: categories, origins, usage and coding. *Semiotica* 1:49-98.
- 1971 Constants across cultures in the face and emotion. *Journal of Personality and Social Psychology* 17:124-129.
- Ekman, Paul, Wallace V. Friesen and P. Ellsworth
- 1972 *Emotion in the human face: guidelines for research and an integration of findings*. New York, Pergamon Press.
- Gessell, A.
- 1934 *An atlas of infant behavior*. New Haven, Yale University Press.
- 1945 Cinema analysis, a method of behavior study. *Journal of General Psychology* 47(3):183-243.

- Green, N.E.  
1956 Aerial photographic analysis of residential neighborhoods: an evaluation of data accuracy. *Social Forces* 35:142-147.
- Hall, Edward T.  
1959 *The silent language*. New York, Doubleday.  
1966 *The hidden dimension*. New York, Doubleday.
- Hitchcock, John T. and Patricia Hitchcock  
1960 Some considerations for the prospective ethnographic cinematographer. *American Anthropologist* 62(4):656-674.
- Leighton, Alexander, et al.  
1973 Moving pictures as an aid in community development. *Human Organization*. 31(1):11-22.
- Lomax, Alan,  
1968 *Folk song style and culture; a staff report on cantometrics*. Washington: American Association for the Advancement of Science Publication 88.
- Lomax, Alan, Irmgard Bartenieff and Forrestine Paulay  
1968 *Choreometrics: a method for the study of cross cultural pattern in a film*. *Research Film/Le film de Recherche/Forschungsfilm* 6:505-517.
- Lomax, Alan and Norman Berkowitz  
1972 The evolutionary taxonomy of culture. *Science*. 177:228-239.
- Luckman, O.  
1950 *Die Photogrammetrie in ihre Anwendung auf uicht to fografischen Gebieten*, Zuerich.
- Mead, Margaret.  
1975 *Visual Anthropology in a Discipline of Words*, In: Paul Hockings (ed.), *Principles of Visual Anthropology*. The Hague: Mouton: pp. 3-10.
- Mead, Margaret and Paul Byers  
1967 *The small conference*. The Hague, Mouton.



- Mead, Margaret and Frances Macgregor  
1951 Growth and culture, a photographic study of Balinese childhood. New York, Putnam.
- 1956 Some uses in still photography in culture and personality. In D.G. Haring, ed., Personal character and cultural milieu. Syracuse: Syracuse University Press.
- Ray, Verne  
1952 Techniques and problems in the study of human color perception. Southwestern Journal of Anthropology 251-259.
- Rogers, E.M. and George M. Beal  
1958 Projective techniques in interviewing farmers. Journal of Marketing 23(2):177-179.
- Sontag, Susan.  
1973 On Photography, New York: Dell Publishing, Inc.
- Spindler, George and Louise Spindler  
1965 The instrumental activities of inventory: a technique for the study of acculturation. Southwestern Journal of Anthropology 14(3):1-23.
- Weiss, Brian  
1977 Can anthropological films speak? Human Organization 36(3):299-300.
- Werner, Oswald  
1961 Ethnographic photography. Abstract of M.A. Thesis Syracuse: Syracuse University. Mimeographed Copy.